REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 04-327**

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG PAGKILALA AT PARANGAL KAY GNG. VICTORINA VICTORY BAJARIAS-LUPENA NA NAPILI BILANG "BEST CIVILIAN/NGO OF THE YEAR" PARA SA TAONG 2004 NA GINAWAD NG REGIONAL ANTI-ILLEGAL DRUGS-SPECIAL OPERATION TASK FORCE (RAID-SOTF), SA KANILANG UNANG TAONG ANIBERSARYO NOONG IKA-21 NG HUNYO, 2004 SA HEADQUARTERS NCRPO, CAMP BAGONG DIWA, BICUTAN TAGUIG CITY.**

*************************************************************************

**Ipinanukala nina:** ***Kgg. Pang. Punonlungsod Jo Jason T. Alcaraz***
***Kgg. Mggl. Icasiano M. Dela Rea***
***Kgg. Mggl. Raul R. Corro***
***Kgg. Aldrin L. San Pedro***
***Kgg. Allan Rey A. Camilon***
***Kgg. Melchor R. Teves***
***Kgg. Elmer S. Espeleta***
***Kgg. Francis Ian T. Bagatsing***
***Kgg. Lucio B. Constantino***
***Kgg. Mario E. Bulay, Jr.***
***Kgg. Mamerto T. Sevilla, Jr.***
***Kgg. Rufino B. Joaquin***
***Kgg. Santiago V. Carlos, Jr.***
***Kgg. Artemio A. Simundac***
***Kgg. Christian Glenn D. Lorica***

*************************************************************************

**SAPAGKAT,** si **Gng. VICTORINA VICTORY BAJARIAS-LUPENA**, ay ipinanganak noong ***Nobyembre 2, 1959***, nakapag-aral sa ***Florida Institute-San Juan, Metro Manila, Muntinlupa Elementary School at sa Muntinlupa National High School,*** nagtapos ng kursong ***BSC- Secretarial Studies*** sa ***Polytechnic University of the Philippines, Sta. Mesa, Manila;***

**SAPAGKAT,** si **Gng. VICTORINA VICTORY BAJARIAS-LUPENA** ay unang naitalaga sa ***Sangguniang Panlungsod bilang Personal Secretary ng Pangalawang Punong-Lungsod ng Muntinlupa,*** **Atty. JO JASON T. ALCARAZ**, na gumagawa ng mga inbitasyon para sa regular at espesyal na pag-pupulong ng Sangguniang Panlungsod. Kasama dito ang pag-sasaayos ng katitikan ng mga naisagawang pagpupulong;

**SAPAGKAT,** noong ***Enero, 2003***, si ***Gng. BAJARIAS-LUPENA*** ay naitalaga bilang ***Secretary ng Drug Abuse, Prevention and Control Office (DAPCO)- Drug Enforcement Unit (DEU)*** na may tungkulin na magtala at gumawa ng ulat hinggil sa mga nahuhuling nagtutulak at gumagamit ng ipinagbabawal na gamot. Ito ay ipinababatid sa lahat ng kinauukalang ahensiya tulad ng Prosecutor's Office, Mayor's Office, Vice-Mayor's Office at Pinuno ng Kapulisan sa Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** sa kanyang pagganap ng tungkulin bilang ***Secretary ng DAPCO-DEU*** siya ang tumatanggap ng confidential text-messages hinggil sa mga sumbong ng pagtutulak at paggamit ng mga ipinagbabawal na gamot sa buong Muntinlupa, para sa epektibong paglaban ng Pamahalaang Lungsod sa salot na dulot ng bawal na gamot;

**SAPAGKAT,** ang mga naunang tungkulin na nabanggit ni **Gng. BAJARIAS-LUPENA**, ay ilan sa mga mahahalagang bahagi para makamit ng Lungsod ng Muntinlupa sa pamamagitan ng proyektong **CRUSADA (Crusade Against Drug Abuse)** na pinangunahan ng **Pangalawang Punong-Lungsod Mggl. JO JASON T. ALCARAZ**, ang **"GALING POOK" Trail Blazing Award**, na ginawad noong ***ika-6 ng Disyembre, 2003 sa Malacanang Palace***;

**SAPAGKAT,** si **Gng. BAJARIAS-LUPENA** ay kabilang at aktibong nakikilahok sa iba't-ibang samahan tulad ng ***Our Lady of the Abandoned Prayer Community, SOJ (Servants of Jesus), SOJCFI (Servants of Jesus Community Foundation Inc.,)*** Board of Trustee, ***MBG (Mother Butlers Guild), AP (Apostleship of Prayer), ANF 904 (Adoracion Nocturna Filipina);***

**SAPAGKAT,** bilang kawani ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa, si Gng. **BAJARIAS-LUPENA** ***ay nakatanggap ng iba't-ibang rekognisyon, komendasyon, Certificate of Appreciation***, mula sa iba't-ibang samahan at sangay ng pamahalaan na may kinalaman sa kanyang pagganap ng tungkulin;

**SAPAGKAT,** ang ***Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa*** ay kumikilala at nagbibigay ng parangal sa mga taong natatangi, kakaibang naisakatuparan sa iba't-ibang larangan o gawain;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa, ang Kapasiyahan na nagbibigay ng pagkilala at parangal kay **Gng. VICTORINA VICTORY BAJARIAS-LUPENA** na napili bilang **"BEST CIVILIAN/NGO OF THE YEAR"** para sa taong 2004 na ginawad ng **Regional Anti-Illegal Drugs- Special Operation Task Force (RAID-SOTF)**, sa kanilang unang taong anibersaryo noong **ika-21 ng Hunyo, 2004** sa **Headquarters NCRPO, Camp Bagong Diwa, Bicutan, Taguig City.**

**PINAGPASIYAHAN PANG MULI,** ng Sangguniang Panlungsod na mapagkalooban ng sipi ng Kapasiyahang ito si **GNG. VICTORINA VICTORY BAJARIAS-LUPENA;**

**Pahina 3**
**Kapasiyahang Panlungsod Blg. 04-327**

**PINAGTIBAY, ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ngayong ika-24 ng Hunyo, 2004, sa kanilang ika-120 Regular na Sesyon.**

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**MGGL. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**MELCHOR R. TEVES**
*Konsehal*

**MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Konsehal*

**RUFINO B. JOAQUIN**
*Konsehal*

**SANTIAGO V. CARLOS, JR.**
*Konsehal*

**CHRISTIAN GLENN D. LORICA**
*Sectoral Representative*
*President*
*Federation of Sangguniang Kabataan*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Sectoral Representative*
*President*
*Association of Barangay Captains*

LIBAN:

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**RENE CARL S. CAYETANO**
*Konsehal*

**MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN KO, ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.**

**LEONORA M. MARCELO**
**Pansamantalang Kalihim**
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUNAYAN:**

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ**
**Pangalawang Punonglungsod/Tagapangulo**

**PINAGTIBAY:**

**ATTY. JAIME R. FRESNEDI**
**Punonglungsod**
**Petsa:________**

**Atty. Palitz.**